



MGA DAPAT TANDAAN

Ang **Inflation** ay ang pagbabago sa presyo ng mga produkto at serbisyo na sinusukat ng **Consumer Price Index (CPI)** sa pagitan ng dalawang magkakaibang panahon o period.

Ito ay tinatawag na **headline inflation** kapag kabilang sa sinusukat ang mga produkto at serbisyong kasama sa Consumer/Market Basket.

Kapag ang inflation ay sanhi ng pagtaas ng kabuuang demand o dami ng mamimili at ang dami ng gusto nilang bilhin, tinatawag itong **demand-pull inflation**. Ang pagtaas ng kabuuang demand ay maaring dahil sa pagdami ng pera ng mga tao, sa pagdami ng mamimili sa iba't-ibang lugar, at sa paglaki ng pangangailan ng mga negosyante sa mga inputs.

Kapag ito naman ay dulot ng pagbaba ng kabuuang supply dahil sa paglaki ng gastos sa produksyon—tulad ng tubig, kuryente, raw materials, sweldo ng manggagawa, at iba pa—ito ay tinatawag na **cost-push inflation**.

Ang **Consumer Price Index** ay isang economic indicator na nagpapakita ng pagbabago sa presyo ng mga pangunahing produkto at serbisyo. Ito ay sinusukat kada buwan sa tatlong antas: pambansa (national), panrehiyon (regional), at panlalawigan (provincial). Kapag tumataas ang CPI, bumababa naman ang halaga ng salapi.

Ang **Consumer/Market Basket** naman ay naglalaman ng mga produkto at serbisyong karaniwang binibili ng ordinaryong Pilipino gaya ng pagkain, damit, at bayad sa kuryente at tubig. Ang basket na ito ay nakabase sa *2010 Philippine Classification of Individual Consumption According to Purpose (PCOICOP)* na hango sa 1999 COICOP na inilabas ng United Nations Statistics Division (UNSD).

Ang **hyperinflation** naman ay tumutukoy sa mabilis na pagtaas ng presyo ng mga pangunahing produkto at serbisyo na resulta ng pagbaba ng halaga ng salapi.

Sundan sina




sa social media para madagdagan
ang kaalaman tungkol sa ekonomiya.



 www.neda.gov.ph

 @NEDAhq

 /AmbisyonNatin2040
/NEDAhq

EKO&MIYA

presents

Inflation



Miya! Sabi ni Mama, akin na lang daw 'yung sukli sa ibinayad ko sa kuryente. Tara, meryenda tayo.

Pero hanggang saan aabot ang Php 20 mo?

AAAAAAHHH! NAKAKAGULAT KA NAMAN KUYA.

Kuya, aabot ba sa dalawang ice cream itong bente namin?

Naku, nagmahal na itong tinda kong ice cream. Hindi na kasya 'yang bente.

Ay, nagmahal na nga ang kuryente. Pati ba naman ice cream?

Konektado kasi yan. Dahil gumagamit ng kuryente sa paggawa ng ice cream, ang bayad dito ay bahagi ng cost of production - kasama ang sweldo ng trabahador, gatas, asukal, at iba pang inputs o raw materials.

Kapag tumaas ang cost of production, nagmamahal ang presyo.

Ah, ganun pala 'pag nagmamahal.

Talaga ba?

Yung ice cream, Eko. Focus.

Nagmahal din nga ang singil nitong nagpapa-upa ng cart. Tsaka pati presyo ng apa at plastic cups tumaas.

Kapag ang karamihan sa mga bilihin at serbisyo ay nagtaas ng presyo, ang tawag dito ay **inflation**.

Eh paano nila nalalaman kung may inflation nga?

Sinusukat ng PSA* ang inflation base sa presyo ng mga pangkaraniwang binibili ng mga tao. Ang tawag dito ay **market basket of goods and services**.

*Philippine Statistics Authority

Parang ganito?

Ay, hindi. Imaginary na basket lang 'yun na ginagamit ng mga ekonomista.

Ahhhh...

Ito 'yung gamit ng PSA para masukat ang **Consumer Price Index**. Kapag nagbago ang presyo ng mga nasa loob ng basket, 'yun ang **inflation** (kung tumaas) o **deflation** ('pag bumaba).

Kung ang dahilan ng pagtaas ng presyo ay ang mas magastos na paggawa o pagbenta ng produkto o serbisyo, ang tawag dun ay **cost-push inflation**. Kapag lumaki kasi ang gastos sa produksyon, mas konti ang pangkalahatang supply ng mga produkto at serbisyo.

CONSUMER PRICE INDEX

Presyo ng basket of goods & services ↑ = Inflation ↓ = Deflation

COST-PUSH INFLATION
- pagtaas ng presyo dahil sa magastos na produksyon

DEMAND-PULL INFLATION
- pagtaas ng presyo dulot ng mataas na demand

Pwede ring tumaas ang presyo kapag maraming pera ang mga tao at maraming gustong bilhin. Ang tawag naman dito ay **demand-pull inflation**. Simpleng halimbawa dyan ay ang bayad sa mga resort kapag tag-init. Dahil tumataas ang demand sa mga ito ay nagtataas sila ng presyo. Kaya ayun, para bang nagko-contest ang mga may pera, nagmamahal dahil mataas ang demand.

Eh paano na po 'yung ice cream namin?

Oh eto, hindi na talaga aabot 'yung bente kaya isa para kay Miya at cone na lang para sa'yo.

Akala ko pa naman kuya, marunong kang magmahal...

Para madagdagan ang kaalaman tungkol sa ekonomiya,

sundan sina Eko at Miya sa

f AmbisyonNatin2040